

DOJ Language Assistance Notice [Tagalog]

Magagamit na Mga Paglilingkod Ukol sa Tulong na Pangwikain

Ang tagumpay ng pakay ng Kagawaran ay nakasalalay sa tumpak na pakikipag-usap sa mga kasapi ng madla, kahit na ano pa man ang kanilang kapatagan ng kahusayan sa Ingles. Noong Abril 5, 2012, ang Heneral ng mga Manananggol ay nagpahayag ng pagbabago sa mga patakaran upang tiyakin na ang mga kawani ng Kagawaran ay gumagawa ng mga makatwirang hakbang upang mabigyan ang mga taong may-takdang kahusayan sa Ingles (LEP) ng makahulugang kaparaanan sa mga palatuntunan at mga gawain ng Kagawaran.

Mangyari lamang na ipaalam sa amin kung kayo ay nababagabag na umintindi ng Ingles o nangangailangan ng tulong sa pakikipag-usap sa Kagawaran ng Hustisya. Magtanong ng tagapagsalin o kung mayroong kasulatang nakasalin na magagamit kapag nakipag-ugnay kayo sa amin. Kung maaari ninyong gawin, pakisabi sa amin ang inyong wika (o diyalekto).

Para sa karagdagang kabatiran tungkol sa kung paano binabalak ng Kagawaran na mapanaigan ang mga hadlang sa wika at tumupad sa [Executive Order 13166](#), tingnan ang Pangkagawarang Balak ukol sa Pangwikaing Kaparaanan ([Departmental Language Access Plan](#)). Tiyak sa pakay na mga balak ukol sa pangwikaing kaparaanan mula sa mga ibang sangay ng Kagawaran ay maaari ring magamit mula sa pahinang ito. Malugod naming tatanggapin ang komentaryo ng madla upang makatulong sa amin ang katiyakan na ang aming mga patakaran ay nalalapat ng walang pagbabago sa loob ng at sa ibayo ng Kagawaran. Kung nais ninyong pagkalooban kami ng katugunan o mga pagmumungkahi sa Pangkagawarang Balak ukol sa Pangwikaing Kaparaanan, mangyaring magpadala sa amin ng *email* sa DOJLAWG@usdoj.gov. Ang katugunan ay makakatulong sa amin sa pagtatatag ng mas mahusay na mga protokol at mga paraan habang patuloy naming ipinapatupad ang Pangkagawarang Balak ukol sa Pangwikaing Kaparaanan.

